Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin:
**AKLAT NI MORMON**

## 2 Nephi 26–30

(PEBRERO 24–MARSO 1)

# Paano Tinatangka ni Satanas na Linlangin Tayo?

Binalaan tayo ni Nephi tungkol sa tatlo sa mga mapanlinlang na taktika ng diyablo.

### 1. MAGALIT LABAN SA MGA BAGAY NA MABUTI (2 Nephi 28:20)

Ano ang ginagawa ni Satanas para *magalit* ang mga tao sa *mabubuting* bagay? Tinatangka ni Satanas na tuksuhin ang mga tao para **magalit** sa sumusunod na mabubuting bagay:

- Tradisyunal na kasal at pamilya
- Kabaitan at pagkahabag para sa lahat, pati sa mga taong naiiba sa iyo
- Organisadong relihiyon

### 2. PAGIGING KOMPORABLE AT PAGWAWALANG-BAHALA (2 Nephi 28:21)

Ano ang ginagawa ni Satanas para maging masyadong *komportable* ang mga tao at *ipagwalang-bahala* nila ang paglaban sa kasamaan o *tigilan ang pagsisikap* na umunlad sa espirituwal?

Tinatangka ng diyablo na sabihin sa atin ang mga sumusunod na kasinungalingan para tayo ay **magwalang-bahala**:

- Ang mahalaga lang ay magpakasaya sa buhay at magkaroon ng magagandang ari-arian.
- Anumang mahirap o hindi komportable ay masama, kaya dapat itong iwasan.
- Basta *tila* maayos ang buhay, iyon lang ang mahalaga.

### 3. WALANG DIYABLO, WALANG KASAMAAN, WALANG KAPARUSAHAN (2 Nephi 28:22)

Ano ang ginagawa ni Satanas para ang mga tao ay *tumigil sa paniniwala na totoong may kasamaan at na hahatulan tayo ng Diyos*?

Sinasabi sa atin ni Satanas ang mga sumusunod na kasinungalingan para makumbinsi tayo na **walang masama** at **walang kaparusahan**:

- Ito lang ang buhay, kaya magpakasaya ka na.
- Kung masarap sa pakiramdam, gawin mo.
- Tumingin ka sa iyong paligid. Hindi napaparusahan ang masasama. Kaya bakit hindi ka magsaya tulad nila?

**PAG-IWAS SA PANLILINLANG**

Maaari mong pag-aralang muli ang mensahe ni Pangulong Dallin H. Oaks noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2004, "Huwag Palinlang," para mahanap ang kanyang payo kung paano makakaiwas sa panlilinlang.

**LINGGO 1**

MGA PAGLALARAWAN NI AUGUSTO ZAMBONATO